ISSUE NO. 81

WAGAY WAY

Official Newsletter Publication of the City Government of Imus

HEALTH: | Page 3
#BidaSolusyon: Anti-Viral Drug na Molnupiravir para sa mga Imuseño

INFRASTRUCTURE: | Page 2
Elevated Parking sa Imus Public Market, Bukas na sa Publiko!

BUSINESS: | Page 4
Business One-Stop Shop 2022: Mas Pinabilis na Pagproseso ng Business Permit Application at Renewal

HEALTH: | Page 7
#BidaSolusyon: Pamamahagi ng Covid-19 Care Kits sa mga Positibong Kaso sa Imus

HEALTH: | Page 8
Omicron Variant: Mga Mahahalagang Impormasyon sa Bagong Variant ng Covid-19

Elevated Parking sa Imus Public Market, Bukas na sa Publiko!

Binuksan na sa publiko ang elevated parking ng Imus Public Market matapos itong pasinayaan ni Mayor Emmanuel Maliksi noong ika-6 ng Enero.

Pinangunahan ng Economic Enterprise Management Office (EEMO) at New Imus Public Market Merchants Association Inc. (NIPMMAI), katuwang ang City Engineering Office at City Architecture Office, ang pagsasakatuparan ng proyektong ito.

Ang karagdagang 91 parking spaces ay bahagi ng solusyon ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang maibsan ang pagsikip ng trapiko sa pamilihang bayan. Ang una at ikalawang palapag ng naturang gusali ay nakalaan para sa mga tindahan, habang nasa pangatlo at pang-apat naman ang parking spaces.

Maaari itong gamitin ng mga bakunadong mamimili nang walang bayad sa unang dalawang buwan ng pagbubukas nito. Kasabay din nito ang pagpapatupad ng No Covid-19 Vaccine, No Face Mask, No Entry Policy ng Imus Public Market noong ika-9 ng Enero.

Kabilang din sina Acting Market Administrator Nestor Del Rosario Camantigue at Irma Corpuz, presidente ng NIPMMAI sa pagpapasinaya ng elevated parking. Dinaluhan din ito ni nina Rev. Fr. Rommel Lagata para sa ceremonial blessing, Market CSU Head Alex Cuenca, Market Admin Staff Head Armira Reyes, Market Maintenance Head Renato Malicsi, NIPMMAI Officers, IPM Maintenance at Utility, at Market Employees ng Civil Service Unit.

Upang masiguro ang tibay at kalidad nito, dumaan sa masusing test run at routing evaluation ang nasabing parking area noong ika-7 ng Setyembre 2021.

Buhat naman ng tumataas na kaso ng Covid-19 at sa banta ng Omicron variant, binisita ng Covid-19 Vaccination Team ang Imus Public Market noong ika-11 hanggang ika-13 ng Enero. Layunin ng program ana mas mailapit ang bakuna sa mga nagtitinda at empleyado ng pamilihang bayan.

Bahagi lamang ang mga ito sa mga proyekto ng Pamahalaang Lungsod para sa higit na maayos at ligtas na pamimili at pagtitinda ng mga mamamayan sa Imus Public Market.

#BidaSolusyon: Anti-Viral Drug na Molnupiravir para sa mga Imuseño

Noong ika-lima ng Enero dumating ang 1,000 paunang suplay ng Covid-19 antiviral medication na Molnupiravir (Movfor) sa Lungsod ng Imus bilang bahagi ng programa ng Pamahalaang Lungsod laban sa Covid-19.

Sa patuloy na laban ng bansa sa Covid-19, hangad ng Pamahalaang Lungsod ng Imus na makapaghatid ng karagdagang proteksyon sa mga Imuseño.

Maaaring ibigay ang gamot na ito sa mga symptomatic mild to moderate Covid-19 patient na kabilang sa high-risk population o mga indibidwal na may comorbidity at senior citizen.

Libre ang pagbibigay ng Molnupiravir, ngunit binigyang diin ng Imus City Health Office (CHO) na hindi ito ibinibigay nang walang pahintulot o preskripsyon ng doktor. Ang bawat pasyente na binigyan ng naturang gamot ay dumaan din sa isinagawang teleconsult at beripikasyon ng mga doktor sa lungsod.

Compassionate Special Permit (CSP) pa lamang ang ipinagkaloob ng Food and Drug Administration (FDA) ng Pilipinas sapagkat ito ay bagong gamot pa lamang. Matinding pagbabantay din ang ginagawa ng Pamahalaang Lungsod ng Imus upang masiguro ang kaligtasan ng mga pasyenteng umiinom nito.

Hindi rin ito maaaring inumin ng mga batang nasa edad 17 taong gulang pababa, mga nagbubuntis at lactating mothers. Pinag-iingat din ang mga nasa reproductive age o mga taong nagbabalak magka-anak sa paggamit ng naturang gamot.

Ayon sa mga pag-aaral, mabisa ang mga antiviral drug, gaya ng Molnupiravir, upang maiwasan ang pagkakaospital o pagkamatay ng mga nagpopositibo sa Covid-19. Iniinom ito dalawang beses sa isang araw sa loob ng limang araw. Mahalaga rin ang pag-inom nito sa loob ng unang limang araw upang mapigilan ang pagdami ng virus sa loob ng katawan.

Ang Molnupiravir ng Merck & Co., Inc., sa pakikipagtulungan sa Ridgeback Biotherapeutics, ay ang kauna-unahang Covid-19 antiviral drug o gamot laban sa Covid-19 na naaprubahan sa United Kingdom (UK) noong Nobyembre 2021. Nakatanggap naman ito ng emergency use authorization (EUA) sa Estados Unidos noong Disyembre 2021.

Bagama't CSP pa lamang ang ibinigay dito ng FDA ng Pilipinas, nakatanggap naman ng EUA ang isang brand ng Molnupiravir na Molnarz mula sa Aurobindo Pharma, isang Indian drug manufacturer. Nagbabala rin ang FDA sa ilegal na pagbebenta ng gamot na ito sapagkat malaki ang posibilidad na peke ang mga ito at magdulot ng masamang epekto sa katawan.

Sa isang clinical trial sa Estados Unidos, napatunayan na epektibo ang Molnupiravir laban sa mga variant of concern na Delta, Gamma, at Mu. Sa kasalukuyan, wala pang sapat na ebidensya kung ito ay epektibo sa Omicron.

Ipagpatuloy sa Pahina 6

Business One-Stop Shop 2022: Mas Pinabilis na Pagproseso ng Business Permit Application at Renewal

Sa pagsisimula ng taon, isinaayos ng Pamahalaang Lungsod ng Imus sa pangunguna ng City Treasurer's Office (CTO), Business Permit and Licensing Office (BPLO) at City Administrative Office ang pagbubukas ng Business One-Stop Shop (BOSS) noong ika-2 ng Enero sa Maliksing Kabataan Building para sa maayos, ligtas at mabilis na pagproseso ng business permit ng mga negosyante at namumuhunan sa lungsod.

Dito, higit na pinaigting ng Pamahalaang Lungsod ang kaligtasan ng mga negosyante sa Imus. Bukod sa online assessment para sa renewal ng business permit, hinihikayat din nito ang mga negosyante na magkaroon ng appointment schedule upang maprayoridad ang transaksyon at maiwasan ang mahabang pamamalagi sa site.

Bukas ang tanggapan tuwing Lunes hanggang Biyernes mula ika-8 ng umaga hanggang ika-7 ng gabi, habang tumatanggap din ito ng mga aplikante tuwing Sabado at Linggo sa ganap na ika-9 ng umaga hanggang ika-4 ng hapon. Extended din ang BOSS hanggang ika-21 ng Pebrero.

Business One-Stop Shop Appointment Schedule

Upang makapag-schedule ng appointment sa BOSS, sagutan ang online Business One-Stop Shop Appointment Schedule form. I-print o i-screenshot ang matatanggap na e-mail at ipakita sa entrance ng BOSS.

New Business Permit Process

Ihanda ang mga kinakailangang dokumento gaya ng Accomplished Business Permit Unified Application Form na matatagpuan sa website ng Imus; SEC/DTI/CDA Certificate of Registration; Contract of Lease o Transfer Certificate of Title; litrato o drawing ng establisimiento, 2022 Barangay Clearance for Business o endorsement, Certificate of Occupancy, Building Permit and Electrical Inspection Certificate, at Locational/Zoning Clearance. Maaaring makita ang kumpletong business permit requirements sa website ng Imus sa ilalim ng Downloadable Forms.

Ipasa ang mga dokumento sa Step 1: Assessment – New ng BOSS upang ma-assess ng assessor ang mga ito; magtungo sa Step 2: Payment – New upang bayaran ang fees at taxes; makukuha naman ang 2022 Business Tax Order of Payment na kasama na ang Official Receipt, Cedula o Community Tax Certificate, Business Plate, Mayor's Permit, at Sanitary Permit sa Step 3: Releasing Area – New.

Ipagpatuloy sa Pahina 5

Business One-Stop Shop...

Business Permit Renewal Process

Para sa renewal ng business permit, inabisuhan ang publiko na magpasa ng online assessment bago gumawa ng Business One-Stop Shop Appointment. Dalhin ang photocopy ng mga dokumento kasama ang orihinal na kopya. Magtungo sa Step 2: Payment- Renewal upang magbayad at matatanggap din sa araw ng pagpunta ang 2022 Business Tax Order of Payment kasama ang Official Receipt, Cedula o Community Tax Certificate, Business Plate, Mayor's Permit, at Sanitary Permit.

Para naman sa walk-in applicants, ipasa ang mga kinakailangang dokumento sa Step 1: Assessment – Renewal para maisagawa ang assessment, magbayad sa Step 2: Payment – Renewal, at kuhanin sa Step 3: Releasing Area – Renewal ang 2022 Business Tax Order of Payment na kasama na ang Official Receipt, Cedula o Community Tax Certificate, Business Plate, Mayor's Permit, at Sanitary Permit.

Para sa kaligtasan ng lahat, tanging ang mga bakunado at mga sumusunod lamang sa mga itinakdang safety protocol ang papahintulutan sa BOSS site.

Molnupiravir...

Nagbigay abiso naman si Prof. William Schaffner, propesor ng infectious diseases sa Vanderbilt University School of Medicine, na hindi ito isang magic pill sapagkat nababawasan lamang nito ang paglala ng epekto ng virus sa katawan ng tao. Ayon din sa follow-up study ng Merck, nakakatulong ang Molnupiravir upang mabawasan ang hospitalization ng 30%, mas mababa sa naunang inilabas na 50%.

Sang-ayon din si Dr. Jaimie Meyer, associate professor ng infectious diseases sa Yale School of Medicine, na hindi ito ang natatanging solusyon laban sa Covid-19 sapagkat ang bakuna pa rin ang pinakamabisa upang maiwasan ang hospitalization.

Naniniwala rin ang Pamahalaang Lungsod ng Imus, sa pangunguna ni Mayor Emmanuel Maliksi, na mainam pa rin ang magpabakuna kontra Covid-19 upang maiwasan ang pagkakasakit at mga komplikasyon na dulot nito.

EDITORIAL BOARD

Editor-in-Chief:
Edgardo D. Saquilayan, Jr.

Head Writer/Art Director:
Niña Pauline L. Tapawan

Writer/Researcher:
Francesca Mandac **Jackielyn Cadimas**

Photo Credits:
City Tourism and Development Office

CITY INFORMATION OFFICE
2nd floor, New Imus City Hall Bldg.,
Gen. Maestro G. Tirona St.,
Poblacion IV-B, City of Imus, Cavite
Tel. # (046) 418-2657

#BidaSolusyon: Pamamahagi ng Covid-19 Care Kits sa mga Positibong Kaso sa Imus

Sa pangunguna ni Mayor Emmanuel L. Maliksi, binuo ang Expanded Home Mitigation Team noong ika-11 ng Enero na maghahatid ng Covid-19 care kits sa mga Covid-19 positive patient sa Imus upang masiguro ang kanilang maayos na kalagayan at agarang paggaling.

Ang Expanded Home Mitigation Team ay kinabibilangan ng Isolation Team, City Epidemiological Surveillance Unit (CESU), City of Imus Traffic Management Office (CITMO) Riders, at City Disaster Risk Reduction and Management Office (CDRRMO).

Sa ilalim ng serbisyong Maliksi, 400 Imuseño na ang nakatanggap ng Covid-19 care kits noong ika-18 ng Enero.

Ang Covid-19 care kit ng Imus ay nahahati sa tatlong sets ayon sa nararanasang sintomas. Ang unang set ay nakalaan sa mga asymptomatic at naglalaman ng mga bitamina upang lumakas ang kanilang pangangatawan. Ibinibigay naman ang pangalawang set sa mild to moderate symptomatic na may kasamang bitamina at apat na gamot para sa kanilang agarang paggaling. Samantala, ang pangatlong set naman ay para sa moderate to severe cases na kinapapalooban ng mga karagdagang gamot at maaaring naglalaman ng Molnupiravir.

Ang pagbibigay ng Covid-19 care kits ay dumadaan sa masusing proseso. Sa pagtutulungan ng mga barangay, contact tracers, at CESU, nabibigyan ng Isolation Team ang bawat positibong kaso ng mga karampatang gamot. Hinahatid naman ng CITMO riders at CDRRMO ang mga care kit sa bawat bahay para sa mga sumasailalim sa home quarantine.

Bahagi rin ng programa ang mabilisang pagtukoy ng mga positibong kaso sa Lungsod. Dahil dito, maaari na ring mangasiwa ang 97 barangay sa Imus ng Rapid Antigen Test sa pamamagitan ng mga ibinigay na test kits ng Pamahalaang Lungsod.

Dito, ang mga magpopositibo at nakakaranas ng simtomas ay kaagad ituturing na kumpirmadong kaso.
Para kay Mayor Emmanuel Maliksi, mahalaga na matukoy agad ang mga Covid-19 positive sa lungsod at mabigyan ng karampatang tugon.

Ang pamamahagi ng Covid-19 care kits ay isa lamang sa mga solusyon ng Pamahalaang Lungsod upang mapigilan ang pagkalat ng Covid-19 sa Imus lalo na sa banta ng Omicron variant.

Patuloy pa rin ang mas pinalakas na Bida Ang May Bakuna Campaign. Noon ngang ika-11 ng Enero ay nakamit na rin ng Imus ang herd imunity at nabakunahan ang 85.36% ng target population nito.

Ganoon pa man, patuloy pa rin ang paghikayat ng Pamahalaang Lungsod sa mga mamamayan na sumunod sa minimum public health standards upang mapababa ang bilang ng mga nagpopositibong kaso, at magpabakuna para sa mga hindi pa nababakunahan para sa higit na proteksyon.

Omicron Variant: Mga Mahahalagang Impormasyon sa Bagong Variant ng Covid-19

Ano ang Omicron Variant?

• Unang natuklasan ng South Africa noong ika-24 ng Nobyembre 2021, agad itong pinangalanan bilang variant of concern noong ika-26 ng Nobyembre 2021 dahil sa napakabilis na pagtaas ng kaso sa naturang bansa. Noong ika-15 ng Disyembre 2021 naman naitala ang dalawang (2) unang kumpirmadong kaso sa Pilipinas. Pinaniniwalaan din ng mga eksperto na ang pagbulusok ng mga bagong kumpirmadong kaso sa bansa ay sanhi ng Omicron.

• Mayroong 50 mutations o pagbabago ang Omicron kung saan 30 rito ang nasa spike protein o ang bahagi ng Covid-19 na siyang dumidikit sa loob ng katawan ng tao.

• Mas mabilis itong kumalat kaysa sa Delta na mayroong 13 mutations o pagbabago, ngunit pinaniniwalaang mas banayad ang epekto nito sa mga kumpleto o updated ang bakuna at sa mga tinamaan ng Covid-19. Hindi rin nangangahulugan na ang banayad na epekto nito ay magkakatulad sa bawat indibidwal.

Bakit nagkakaroon ng variants o mutations?

• Ang isang variant ay nabubuo kapag mas maraming tao ang napapasahan ng virus. Habang nagtatagal ang pamamalagi ng virus sa katawan ng isang tao, nagbabago ang genetic component o nagkakaroon ng pagbabago sa virus bago ito maipasa sa ibang tao. Mas marami ang nahahawa, mas mataas ang tsansa na magkaroon ng bagong variant.

Ano ang mga sintomas ng Omicron?

• Ang mga pangkaraniwang sintomas ay ubo, runny nose o congestion dala ng sipon, sore throat o pananakit ng lalamunan, pananakit ng ulo, at pagkapagod.

• Agarang lumalabas ang sintomas ng Omicron sa loob ng isang linggo, tatlong araw, o mababa pa.

• Ayon sa pitong pag-aaral, hindi umaabot ang impeksyon ng Omicron sa baga na pangkaraniwang naaapektuhan sa mga orihinal na strain at mga nakaraang variant. Dahil ito sa mas mababang lung cell infectivity, lung organ viral load at inflammation.

Ano ang dapat gawin upang makaiwas sa Omicron?

• Protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng pagsusuot ng face mask na hapit o sakto sa mukha; mag-physical distancing at umiwas sa mataong lugar; hangga't maaari ay umiwas sa mga lugar na hindi maayos ang daloy ng hangin o siguraduhin na nakabukas ang mga bintana para sa maayos na daloy ng hangin; at palagiang maghugas ng kamay.

• Higit sa lahat, kumpletuhin at maging updated sa bakuna. Napatunayan na ng mga pag-aaral na ligtas at epektibo ang Covid-19 vaccine upang maprotektahan ang sarili sa malalang epekto ng virus.

Patuloy pa rin ang mga pag-aaral na ginagawa ng mga eksperto sa Omicron variant at marami pang mga impormasyon ang kinakailangang malaman. Isa lamang ang tiyak sa kasalukuyan: nakakatulong pa rin ang bakuna upang maiwasan ang malubhang epekto ng Omicron.